

Liturgia ng Ika-apat na Linggo ng Pagdatal

Nagkakatipon Tayo Upang Alalahanin

Panimula (Piano o Organo)

Panimulang Awit

“Let All Mortal Flesh Keep Silence”

Koro/Mga bata

Pagsisindi ng Tatlong Kandila ng Pagdatal

Kandila ng Pag-asa

Kandila ng Kapayapaan

Kandila ng Kagalakan

Awit “O Come, O Come Emmanuel”

O come, O Bright and Morning Star, and bring us comfort from afar!

Dispel the shadows of the night, and turn our darkness into light.

Refrain:

Rejoice! Rejoice! Immanuel, shall come to you, O Israel

O come, O King of nations, bind, in one the hearts of all mankind.

Bid all our sad divisions cease, and be yourself our King of Peace.

Refrain

Nagkakatipon Tayo Upang Luwalhatiin ang Diyos

Panimulang Mga Pangungusap

Lider: Tayo ay naparito upang luwalhatiin ang Diyos at magalak sa Isang nagligtas sa atin
Tunog ng Tamborin

Kalalakihan: Naparito ang Diyos, upang sumampalataya tayo, upang pagpalain tayo.

Kababaihan: Itaas sa kagalakan ang ating puso! Sapagkat darating ang Diyos sa atin
bilang sanggol.

Tunog ng Tamborin

Kabataan: Naparito ang Diyos para sa mga nagugutom sa pag-asa, para sa mga nauuhaw
sa biyaya.

Lider: Banal ang Isang dumarating sa pangalan ng Diyos, na tinupad ang lahat ng
pangako ng Diyos

Tunog ng Tamborin

Konsilyo ng Iglesya: Naparito ang Diyos upang makipaglakbay sa mga sumunod sa
pananampalataya, upang magdala ng kapayapaan sa wasak na daigdig.

Tunog na Tamborin

Lahat: Ang panahon ay natupad, ang kaharian ng Diyos ay malapit na, darating na sa
daigdig ang tunay na ilaw na magbibigay ng liwanag sa bawat isa.

Tunog na Tamborin

Pagsisindi ng Ika-Apat na Kandila ng Pagdatal: Ang Kandila ng Pag-ibig

Ibinalita ng mga anghel ang Mabuting Balita ng Tagapagligtas. Ipinadala ng Diyos ang
kanyang bugtong na Anak sa sanglibutan upang iligtas tayo, sapagkat minamahal niya
tayo!. (Basahin: Juan 3:16-17)

Panimulang Panalangin (Lider)**+Panimulang Imno**

Lift Up Your Heads, Ye Mighty Gates”
 Translator: Catherine Winkworth;
 Author: Georg Weissel (1642)

Lahat

Lift up your heads, ye mighty gates! Behold, the King of Glory waits;
 The King of kings is drawing near. The Savior of the world is here.
 Life and salvation He doth bring. Wherefore rejoice and gladly sing:
 We praise Thee, Father, now, Creator, wise art Thou!

Kaliwang Bahagi ng Pulpito

A Helper just He comes to thee, His chariot is humility,¹
 His kingly crown is holiness, His scepter, pity in distress,
 The end of all our woe He brings; wherefore the earth is glad and sings:
 We praise Thee, Savior, now, mighty in deed art Thou!

Kanang Bahagi ng Pulpito

O blest the land, the city blest, Where Christ the Ruler is confessed!
 O happy hearts and happy homes, To whom this King in triumph comes!
 The cloudless Sun of joy He is, who bringeth pure delight and bliss.
 We praise Thee, Spirit, now, Our Comforter art Thou!²

Lahat

Fling wide the portals of your heart; Make it a temple set apart
 From earthly use for Heaven's employ, adorned with prayer and love and joy.
 So shall your Sovereign enter in and new and nobler life begin.
 To Thee, O God, be praise, For word and deed and grace!

Nagkakatipon Tayo upang Mangumpisal at Tanggapin ang Kapatawaran ng Diyos

Tawag sa Pagsisisi (Ministro)

Aming Diyos, iniyuyuko namin ang aming mga ulo sa iyong harapan at ipinapahayag na maraming pagkakataon na nakakalimutan naming sa iyo kami. May panahon na ang akala namin sa amin lamang ang aming buhay, na walang Diyos at hindi kami naging karapatdapat na maging totoong saksi sa iyo. Sa lahat ng mga ito, aming hinihiling ang iyong kapatawaran at kalakasan. Bigyan mo kami ng maliwanag na pag-iisip at buksan ang aming puso upang makapagpatotoo kami sa Iyo sa aming pamayanan. Ipaalaala mo sa amin ang iyong nais sa amin anuman ang aming ginagawa at sinoman ang aming mga kasama. Hawakan mo kami at patibayin ang aming kaugnayan sa iyo at sa mga iba pang ibinigay mo sa amin.

Katipunan ng Kapatawaran (Ministro)

Bago sa bawat umaga ang pag-ibig ng Diyos para sa atin, kung kaya't matapang nating ipahayag ang Mabuting Balita; Pinatawad tayo kay Jesu-Kristo, Salamat sa Diyos!

Pagbabahagi ng Kapayapaang Diyos (Lumibot at ibahagi ang kapayapaan ng Diyos)

Nagkakatiyon Tayo upang Mamagitan sa Isa't-Isa

Mga Malasakit ng Pamayanan

Panalanging Pastoral (Apat na tao ang hilingan na manguna sa panalangin para sa: pag-asa, kapayapaan, kagalakan at pagmamahal.)

Tugon "What A Friend of Jesus"
Joseph M. Scriven, 1855
What a friend we have in Jesus, all our sins and griefs to bear!
What a privilege to carry everything to God in prayer!
Oh, what peace we often forfeit. Oh, what needless pain we bear,
All because we do not carry everything to God in prayer!

Nagkakatiyon Tayo upang Ipahayag ang Salita ng Diyos

Pagbasa sa Banal na Kasulatan: Isaias 9:6-7 at Lucas 2:4-7

Awit ng Koro

Sermon

Nagkakatiyon Tayo upang Pagtibayin ang ating Pananampalataya

Lider: Hindi totoo na maghihirap tungo sa pagkawasak at paglaho ang sangnilikha at ang bawat pamilya.

Lahat: Ito ang katotohanan: Ako ay naparito upang kayo ay magkaroon ng buhay at kasaganaan.

Lider: Hindi totoo na ang karahasan at pagkagalit ang siyang may huling salita, at ang digmaan at pagkawasak ang mamamayani magpakailanman.

Kababaihan: Ito ang katotohanan: Sa atin ay ipanganganak ang isang sanggol; na ibibigay ang Anak, at ang pamamahala ay nasa kanyang mga balikat, ang kanyang pangalan ay ay tatawaging Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan.

Lider: Hindi totoo na simple lamang tayong mga biktima ng kapangyarihan ng kasamaan na nagnanasa na mamahala sa daigdig.

Kalalakhian: Ito ang katotohanan: Sa akin ibinigay ang kapangyarihan sa langit at daigdig, at ako ay sasainyo, kahit sa katapusan ng daigdig.

Lider: Hindi totoo na kailangan nating maghintay sa mga may natatanging kaloob, sa mga propeta ng iglesia bago tayo maging tagapagtaguyod ng kapayapaan.

Ministro: Ito ang totoo: Aking ibubuhos ang aking espiritu sa lahat ng tao, at nag inyong mga anak lalaki at babae ay magpapahayag, ang mgakabataang lalaki ay makakakita ng pangitain at ang matatandanglalaki ay mananaginip.

Lider: Hindi totoo na hindi para sa daigdig na ito at sa kasaysayan ang ating pag-asa sa kalayaan ng sangkatauhan, ng katarungan, ng dignidad ng tao, at ng kapayapaan.

Kabataan: Ito ang katotohanan: Ang oras ay dumating at ito ay ngayon na ang tunay na sumasamba ay sasambahin ang Diyos sa espiritu at katotohanan.

Lahat: Kaya't pumasok tayo sa Pagdatal ng pag-asa, kahit sa gitna ng kawalan ng pag-asa. Tumingin tayo sa pangitain ng pag-ibig, kapayapaan at katarungan. Ating pagtibaying may kapakumbabaan, kagalakan, pananampalataya, katapangan: Si Jesu-Kristo—ang buhay ng sanlibutan.

Katahimikan

Nagtitipon Tayo upang Italaga ang Ating mga Sarili

Tawag sa Paghahandog (Lider)

Tumanggap tayo ng iba't ibang kaloob ayon sa kagandahang-loob ng Diyos, kaya't gamitin natin ang mga kaloob na iyan. Kung ang ating kaloob ay pagsasalita ng pahayag mula sa Diyos, magpahayag tayo ayon sa sukat ng ating pananampalataya. Kung paglilingkod ang ating kaloob, maglingkod tayo. Magturo ang tumanggap ng kaloob sa pagtuturo. Magpalakas ng loob ang may kaloob sa pagpapalakas ng loob. Kung pagbibigay ang inyong kaloob, magbigay kayo nang buong puso; kung pamumuno naman, mamuno kayo nang buong sikap. Kung pagkakawanggawa ang inyong kaloob, gawin ninyo iyan nang buong galak. (Roma 12:6-8)

Awit ng Paghahandog

“O Little Town of Bethlehem”

Words: Bishop Phillips Brooks (1835-1893), 1868.

Music: “St. Louis,” Lewis Henry Redner (1831-1908), 1868.

O little town of Bethlehem, how still we see thee lie.
Above thy deep and dreamless sleep the silent stars go by.
Yet in thy dark streets shineth the everlasting Light
The hopes and fears of all the years are met in thee tonight.

For Christ is born of Mary and gathered all above
While mortals sleep, the angels keep their watch of wondering love.
O morning stars together proclaim the holy birth
And praises sing to God, the King and Peace to men on earth.

How silently, how silently the wondrous gift is given!
So God imparts to human hearts the blessings of His heaven.
No ear may hear His coming, but in this world of sin,
Where meek souls will receive him still, the dear Christ enters in.

O holy Child of Bethlehem, descend to us, we pray
Cast out our sin and enter in. Be born to us today
We hear the Christmas angels the great glad tidings tell.
O come to us, abide with us our Lord Emmanuel.

Panalangin ng Pasasalamat (Lahat)

Tagatanggap tayo ng pag-asa, ng kapayapaan, ng kagalakan, at ng pag-ibig.
Tagatanggap tayo ng kagandahang-loob, tagatanggap ni Jesus. Tagapagkaloob tayo.
Sumusunod sa tawag ng Diyos, sumusunod kay Jesus, sinusunod ang puso. Panginoon, aming ipinagkaloob ang mga handog na ito para sa iyong kaharian, na may kapakumbabaan sa pagpapasalamat sa lahat ng mga kaloob na aming natanggap.

+Pangwakas na Imno

"O Come All Ye Faithful" HFJ#135

By: John F. Wade

O come all ye faithful, joyful and triumphant,
O come now, O come now to Bethlehem.
Come and behold the ruler of all angels!

Refrain

O come in adoration (thrice) Christ the Lord!
Sing, alleluia, all ye choirs of angels;
O sing, all ye blissful ones of heav'n above.
Glory to God In the highest glory!

Refrain

Amen, Lord, we greet You, born this happy morning;
Jesus, to You shall all glory be given; Word of our God,
Now in the flesh appearing.

Refrain

+Pangwakas na Panalangin (Ministro)

+Benediksiyon (Ministro)

Humayo kayo nang may kapayapaan, at babaunin ang kaalaman na ang Diyos ay laging dumarating sa daigdig. Ating hanapin ang Dios, hindi sa sabsaban sa halip sa mga taong ating nakikita at sa ikabuturan ng ating mga puso. Nawa ang pagpapala ng pagdatal ay gawin kayong pagpapala sa iba. Nawa ang kapayapaan ng pagdatal ay lumaganap sa lahat ng inyong ginagawa. Ating tatanggapin ang hamon ng pagiging alagad. Ating ihahandog ang ating mga sarili sa Diyos bilang kanyang mga ministro. Tayo ay hahayo na may pag-asa, kapayapaan, kagalakan, at pag-ibig.

Tugon

Refrain" O come in adoration (thrice) Christ the Lord!

Pangwakas na Tugtugin (Piano o organo)

Sources

1. Words for Worship edited by Arlene M. Mark
2. Worship Resources 9th CCA Assembly
3. Resources and Reflections for Worship
4. Worship Together
5. Worship Elements and Symbols
6. Hymnal of Faith Journey
7. www.ucc.worshipresources

Ika-apat na Linggo ng Pagdatal

Pamagat ng Leksyunaryo 4: **Ang Pagsilang ni Jesus**

Lumang Tipan: Isaias 9: 6-7 (BMBB)

Sapagkat isinilang ang isang sanggol na lalaki para sa atin. Ibibigay sa kanya ang pamamahala; at siya ay tatawaging Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan. Magiging malawak ang kanyang kapangyarihan at walang katapusang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang kaharian. Itatag niya ito at pamamahalaan na may katarungan at katuwiran mula ngayon at magpakailanman. Isasagawa ito ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

Bagong Tipan: Lucas 2: 4-7 (BMBB)

Mula sa Nazaret, isang lunsod sa Galilea, si Jose ay pumunta sa Judea, sa Bethlehem na bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya'y mula sa angkan ni David. Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria na kanyang magiging asawa, na noon ay kabuwanan na. Habang sila'y nasa Bethlehem, sumapit ang oras ng panganganak ni Maria. Isinilang niya ang kanyang panganay, na isang lalaki. Binalot niya sa lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

Pangkalahatang Konsepto: **Isinilang kaisa ng mga aba, nakibahagi si Jesus sa kanilang mga hangarin upang dalhin ang bagong panahon ng pagsasalo sa kasaganaan, katarungan at kapayapaan.**

Susing Konsepto para sa Lahat ng Antas

N/K/YE: **Handog mula sa Diyos si Jesus. May galak sa puso nating tinatanggap si Jesus.**

ME/OE: **Anak ng Diyos si Jesus na ibinigay sa atin. May galak sa puso nating tinatanggap si Jesus.**

Y: **Isinilang si Jesus upang dalhan tayo ng kagalakan. Nagbibigay sa atin ng bagong buhay ang pagdating niya sa atin.**

A: **Isinilang si Jesus upang iligtas tayo.**

Malalimang Pag-unawa sa Batayang Biblikal

Para sa isang bayang mawalan na ng pag-asa, isang malakas na propetikong pag-angkin na may malinaw na larawan ng pag-asa ang pahayag ni Isaias hinggil sa isang bata o anak na isinilang na magiging tanda ng tagapagligtas-mesiyas. Tatawaging siyang Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan ang anak-mesiyas na ito. Sapat na para sabihing makapangyarihang tagapagligtas at pinuno ang dumarating na mesiyas na sa kanyang mga balikat nakaatang ang kapangyarihan.

Malinaw ding ipinahayag ang pag-asa ng pagkakaisang muli ng hilaga at timog na mga kaharian matapos na mahati dalawang daang taon na ang nakalilipas. At magmumula sa timog ang kaganapan ng pag-asang ito na orihinal na ipinangako ni Yahweh kay Haring David (2 Samuel 7:12-13) at inulit kay Solomon (1 Hari 9:5) bago ang pangyayari na nagbunsod sa nakapanlulumong pagkahati ng kaharian at hanggang sa pagkakatapon ng Hilagang Kaharian noong mga taong 721 Bago ang Panahon ni Cristo.

Isinaysay ni Isaias ang panawagan sa isang bagong kabanata at isang bagong pagpupunyagi sa kasaysayan ng bayan ng Diyos na magiging kapakinabangan para sa mamamayan ng Hilaga at Timog. Isinalaysay din ng propesiya ang kapangyarihan ng

Mesiyas o Tagapagligtas sa paggapi sa mga kaaway at lumikha ng walang hanggang kapayapaan na hindi maihahalintulad sa uri ng kapayapaang hatid at alok ng mga dayuhang mananakop at emperyo na nagnanais na manakop sa kanila. Isang bagay na kakaiba sa kapayapaan ng emperyo ang kapayapaan o shalom na tinukoy ni Isaias; sapagkat nangangahulugan lamang ng pasibong pagpapasakop sa kalooban ng emperyo o dayuhang mananakop ang kahulugan ng kapayapaan ng emperyo, ngunit sa shalom, tumutukoy sa pagpapairal ng katarungan na ayon katuruang mosaic at Deuteronomiko na patungkol sa pagtugon sa at pag-una sa mga pangangailangan ng mahihirap, inaapil at balo at pagtatanggol sa kanilang batayang mga karapatan bilang kapwa mga anak ng Diyos (cf. Deut. 10:17-19; 16:20). Hindi lamang salitang pulitikal na pagiging tagasunod ng mananakop kundi isang kalagayan kung saan tinutugunan ang mga pangangailangan higit ng mga taong may matinding pangangailangan. Gawain ito ng mesiyas; upang pairalin ang katarungan at kapayapaan sa naitatag na kaharian. Isa sa mga palantandaan at marka ng tunay na Mesiyas (cf. Awit 72:1-4) ang walang humpay na pakikibaka sa katarungan at kapayapaan.

Naganap sa isang sabsaban ang pagsilang ni Kristo. Ganito ang nangyari dahil sa walang lugar para sa kanila sa panuluyan o alinmang lugar na mahihimlayan sa Bethlehem nang dumating sina Jose at Maria upang magpatala bilang pagtupad sa utos ng imperyo na pagpapatala. Nagpapakita ito na lubhang napakarami ng mga taong nagbabalik sa kanilang lugar. Napakahirap na makakita ng lugar na matutuluyan doon. Kung susuriin ang kalagayang panlipunan at pangkabuhayan sa puntong ito, makikitang hindi tinutugunan ang mga pangangailangan ng mga nasa abang kalagayan tulad nina Maria at Jose dahil sa kakulangan ng lugar panuluyan sa lungsod.

Nangungusap din sa mapagpakumbabang mga panimula ni Jesus na taga-Nazareth ang pagbibigay-pansin sa sabsaban ngunit nangungusap din ito sa katotohanan ng kalagayang pangkabuhayan at panlipunan sa panahon na isinilang si Jesus. Nagpapaalaala sa abang katangian ng pagsilang ni Jesus ang payak at tuwirang paglalahad ng kawalang matutuluyan nila at ng kanyang pagkabalot sa lampin. Sumasalamin sa tipikal na kalagayan ng pangkaraniwang mga tao sa karaniwang panahon sa ilalim ng paghahari ng Emperyong Romano. Walang anumang katangi-tangi sa mga pangkaraniwan sapagkat naglalarawan ito ng tipikal na pagtugon ng emperyo sa kalagayan at mga paghihirap ng mga karaniwang mga tao; wala na.

Panimula ang bahaging ito ng salaysay ni Lukas para sa kasalukuyang mga mambabasa ng mabuting balita sa isang kalagayan kung saan hinaharap ng bago higit sa lahat sa usapin ng kalagayan ng mga tao sa ilalim ng kontrol ng emperyo. Patungkol ito sa pagdating ng Tagapagligtas na nakakaalam sa kahulugan ng pamumuhay sa mga lilim ng Emperyong Romano at ang epekto nito sa buhay inaasahan ng bawat indibidwal na nabubuhay sa gayunding kalagayan.

Dumarating si Jesus na kumakatawan sa kabuuang bagong kaganapan. Dumarating siyang naninindigan sa pakikiisa sa pagdurusang at mga pakikibaka ng mga walang pag-asa sa kanilang panlipunan, pangkabuhayan, pulitikal at espirital na kalagayan. Isang sitwasyon na lalo pang nagpapanatili sa kanila sa higit pang kahirapan at pagkaaba at pagpapatuloy ng pagkawala ng pag-asa sa isang magandang bukas. Kinikilala dito ang pagsilang ni Jesus bilang tunay na panimula ng isang radikal na bagong mesiyantikong yugto na kinkatawan ng kanyang ministeryo na sa maghahatid sa kanya sa krus sa kinalaunan.

Kasamang Gabay sa mga Guro at Iba Pang mga Gagamit

Kung tutuusin, mapaminsala ang pagpasok ni Jesus sa tagpo. Ang kuwento ni Lukas na pagdalaw ng isang grupo ng mga pastol, gayunpaman, ay nagpapakita na ang kanyang kapanganakan ay dakilang pangyayari na nilahukan ng mga anghel sa kalangitan. Tinabingan ng presensya ng mga pastol at anghel sa kalangitan ang kapanganakan ni Jesus na malalantad lamang sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Bago ito, lumaki si Jesus bilang isang karaniwang bata ng karaniwang mga magulang kasama ng mga pangkaraniwang mga tao.

Balintuna ang ganitong uri ng pagsasalaysay sa kalimitang pagsasalaysay na kung saan inuugat ang mga panimula sa makasaysayang mga tao sa duyan ng mga maharlika. Nakita kahit na ng mga manunulat biblikal na tama lamang na iugnay ang abang mga panimula ni Moises at Jesus sa maharlikang pinagmulan. Anak si Moises ng isang aliping Hebreo ngunit lumaki sa pangangalaga ng isang Egipciong prinsesa. Isinilang si Jesus sa mahirap na mga magulang ngunit sa katotohanan nagmula siya sa linya ni David, ang pinakadakilang hari ng Israel ayon sa mga propesiya hinggil sa pagdatal ng isang makaharing mesiyas. Ngunit sa dakilang plano ng Diyos sa pagliligtas, hindi nangangahulugang lalaki bilang isang hari.

Bakit isinilang ang mesiyas ng Diyos bilang karaniwang tao? Malinaw na kahatulan ito sa mayayaman at makapangyarihan. Hindi sila maaring makapaglingkod bilang mesiyas sapagkat hindi at ayaw nilang tanggapin ang bokasyon ng pagiging mesiyas na nilayon ng Diyos sa kaligtasang ito na kasabay ang paglaya sa materyal na pagkaalipin. Pinatunayan ito nang hamunin ni Jesus ang isang mayamang kabataang pinuno na maging mesiyas para sa mahirap, na daglian naman niyang tinanggihan sapagkat lubha siyang mayaman. Hindi dahil sa hindi tinatawag ng Diyos ang mayaman kundi dahil tinanggihan ang pagkatawag bilang mesiyas. Mas ibig pa nilang ipakahulugan ang tungkulin ng mesiyas batay sa kanilang sariling pakahulugan. Isinilang si Jesus sa isang kalagayan kung saan ang pagtugon sa tawag ng Diyos ay kaalinsabay ng masidhi niyang galit laban sa kasamaan sa lahat na mga anyo nito at ang kanyang nagliliyab na hangaring iligtas ang kanyang bayan maging buhay man niya ang kapalit.

Mayroon pang ibang mga tauhang mesiyas mula sa hanay lipunan ni Jesus na maaring may katulad na masidhing pagmamahal sa bayan ngunit dahilan sa hindi nila natalos ang balak ng Diyos na pagliligtas kung paanong natalos ito ni Jesus. Sa pagpili kay Jesus, hinayaan ng Diyos na mabatid ng sanlibutan ang kalikasan at sakop ng pagliligtas.

Nursery/Kindergarten/Younger Elementary Levels

I Mga Layunin

Pagkatapos ng sesyon at sa naaayon na halimbawa ng magulang at ng iba pang mahahalagang na katatanda, ang mga bata ay makakaya na:

1. panimulang tanggapin na isinilang si Jesus bilang regalo sa atin;
2. panimulang malaman na regalo ng Diyos ang mga bata sa mga magulang;
3. panimulang pag-usapan ang layunin ng Diyos sa atin; at
4. maisalaysay ang kwento ng Pasko sa pagtingin ng mga bata.

II Konsepto: Kaloob mula sa Diyos si Jesus. Tinatanggap natin si Jesus na may kagalakan sa ating puso.

Mga Kagamitan: Banal na Kasulatan, sabsaban, activity sheets, maliit na puting platong papel, stapler, simpleng drawing ng mukha ng bata, sinulid o yarn, puncher

III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

A. Panimulang Pananambahan

1. Panahon ng Pagtanggap. Batiin ang bawat bata at anyayahan na tingnan ang nakahandang sabsaban na gawa sa mga niresaykel na kagamitan.
2. Tunghayan ang liturhiya ng Pagdatal

B. Paghahanda

1. Hayaang sama-samang maupo ang mga bata. Tanungin kung ano ang hawak ng guro (regalo). Anyayahan sila na ilarawan ang handog (may mga nakahanda na) at itanong kung sino sa kanila ang nais na makatanggap ng regalo. (bawat isa).
2. Sabihin sa klase na maglalaro ng "Pass the Gift". Hayaang bumuo ng pabilog ang mga bata at paupuin sila. Ibigay ang regalo sa isang bata at sabihin sa kanya na ipasa ang regalo kapag tumugtog na ang musika. Kapag tumigil na ang musika, titingnan ng huling nakahawak ng regalo ang laman nito sa loob. Tatlong ulit itong gawin at anyayahan tumindig sa unahan ang tatlong nagwagi.
3. Tanungin ang tatlong nagwagi: Ano ang iyong pakiramdam nang matanggap mo ang regalo? Tanungin din ang ika-2 bata ng parehong tanong. Tanungin din ang ibang bata kung ano ang kanilang naramdaman nang hindi nakatanggap ng regalo.

C. Panahon ng Pag-aaral

1. Motibasyon. Sabihin: "Tignan natin ang kwento ng regalo ng Diyos sa atin"
2. Ipakita ang kwento. Sabihin sa mga bata na tingnan ang activity sheets

Si Jesus, Ang Regalo ng Diyos sa Atin!

(Batay sa Lucas 2:1-20)

Dapat magpatala nina Jose at Maria. Naglakad sila ng malayo patungo sa Betlehem.

Bagama't nakasakay si Maria sa bisiro dahil sa malapit na siyang manganak. Narating nila ang Betlehem at kailangang manatili sa lugar na maaring tuluyan - ang sabsaban. Napakaganda ng gabing iyon. Ipinanganak ni Maria si Jesus. Napakaligaya nina Jose at Maria. Nalalaman nila na napakahalagang regalo para sa kanila si Jesus. Binalot siya nila ng lampin. Nilagyan nila ng tuyong damo ang sabsaban at inihiga si Jesus doon.

Nang gabi ding iyon, tahimik na binabantayan ng mga pastol ang kanilang mga tupa. Nang biglang lumitaw ang mga anghel. Umaawit sila ng "Papuri sa Diyos sa kaitaasan, At sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!" Matapos ito sinabi nila sa mga pastol, "Humayo kayo sa Betlehem sapagkat si Jesus ay isinilang, Siya ay nakabalot sa lampin at natutulog sa sabsaban." Agad na patakpong umalis ang mga pastol upang makita si Jesus. Masayang-masaya sila. Habang nililisan nila ang sabsaban, sinimulan nilang magpuri at magpasalamat sa Diyos sa regalo niya sa atin—si Jesus.

D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan

Itanong ang mga sumusunod na katanungan:

1. Alam ba ninyo na may espesyal na regalo sa atin ang Diyos? (Opo/Oo)
2. Ano ang espesyal na regalo ng Diyos sa atin? (Si Jesus)
3. Bakit ninyo nasabi na si Jesus ang espesyal na regalo ng Diyos sa atin? (Naparito si Jesus upang iligtas tayo)
4. Ano sa palagay ninyo ang hitsura ni Jesus ng sanggol pa lamang siya? (Katulad din siya ng ibang sanggol - maliit)
5. Ano ang naramdaman nina Maria at Jose nang makita ang sanggol na si Jesus? (Napakaligaya nila)
6. Paano nalaman ng mga pastol ang tungkol kay Jesus? (Sinabi sa kanila ng mga anghel)
7. Ano ang ginawa ng mga pastol nang makita nila si Jesus? (Naging masaya sila. Nagpuri at nagpasalamat sila sa Diyos dahil ibinigay niya si Jesus sa atin)
8. Sino ang regalo ng Diyos sa mga magulang? (Ang mga bata ang regalo ng Diyos sa kanilang magulang)

E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia

Itanong: "Sino ang espesyal na regalo ng Diyos sa atin?" (Si Jesus) "Bakit ninyo naisip na tayo ang espesyal na regalo ng Diyos sa ating mga magulang?" (Katulad ni Jesus, may layunin ang Diyos sa atin)

F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal

1. Sabihin sa mga bata na tumalon ng tatlong beses at sabihing "Yes" upang tanggapin na sila ang espesyal na regalo ng Diyos sa kanilang mga magulang. Itanong ano ang layunin ng Diyos sa atin, ituro at sabihin na, "Upang magbigay ng kagalakan sa aming mga magulang; Ipakita ang pagmamahal sa iba; Upang sundin at masiyahan ang Diyos; at iba pa."
2. Ituro ang Talatang Sauluhin
Para sa N/K: "Sapagkat ipanganganak ang isang sanggol na lalaki...at tatawaging Prinsipe ng Kapayapaan." (Isaias 9:6)
Para sa YE: "Sapagkat ipanganganak ang iang sanggol na lalaki, at tatawaging Kahanga-hangang Tagapayo, Makapayanarihang diyos, Walang Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan." Isaias 9:6

3. Malikhaing Gawain

- a. **Para sa N/K:** Sabihin sa mga bata na gumawa ng "picture pocket". Bigyan ang mga bata ng platong papel na may dalawang butas (3 inches ang layo) sa ibabaw na bahagi, kapisasong papel (maaring istiker) na may pangungusap (Regalo si Jesus para sa atin mula sa Diyos, Regalo ako ng Diyos sa aking mga magulang.) kapisasong sinulid, at glu kung kinakailangan. Bilang takdang aralin, sabihin sa bawat bata na magdala ng dalawang larawan ng sanggol.
 - 1) Tiklupin ang magkabilang gilid ng paper plate, magtira ng espasyo sa gitna upang makita. Tiklupin ang ibabang bahagi upang takluban ang 2 nakatiklop na gilid upang makagawa ng bulsa.
 - 2) Itali ang paper plate gamit ang dalawang butas sa itaas. Idikit ang kapisasong ng paper plate sa harapang bahagi ng bulsa. Lagyan ng dekorasyon ang picture holder. Ilagay ang inyong baby picture . Hayaang kumpletuhin ng mga bata ang frame na nasa activity sheet na gamit ang iba pang lawaran ng baby.
 - 3) Sabihin sa mga bata na tumayo at ipakita ang kanilang gawa. Pangunahan sila sa pagsasabi ng mga pangungusap na nakasulat sa kanilang picture pockets.
- b. **Para sa YE:** Bigyan ang bawat bata ng activity sheet na ipinapakita ang guhit ng pamilya ni Jesus. Sabihin sa mga bata na pagdugtungin ang mga numero mula 1 hanggang 55. Hayaan silang dekorasyon ang kanilang gawa. Kumpletuhin ang mga pangungusap na nasa ilalim: Regalo mula sa Diyos si _____ para sa atin, Regalo ako mula sa Diyos sa aking pamilya sapagkat _____.

G. Pangwakas na Pananambahan

1. Sabihin sa mga bata na bigkasin ang talatang sauluhin.
2. Pagninilay aksyon: Aking ibabahagi ang pag-ibig ni Jesus sa iba.
3. Paghahandog
4. Pangwakas na awitin: "When Jesus was" at "O Come All You Faithful" (HFJ #135)
5. Pangwakas na Panalangin: "Aming Diyos, salamat sa iyo sa pagbibigay mo sa amin kay Jesus. Salamat sa iyo, ibinigay mo kami sa aming mga magulang bilang regalo. Tulungan mo kaming gawin ang iyong layunin tulad ng Iyong Anak na si Jesus. Amen.

Middle and Older Elementary Levels

II. Mga Layunin

Pagkatapos ng sesyon, ang mga mag-aaral ay inaasahan na:

1. tanggapin na isinilang si Jesus bilang regalo sa atin;
2. malaman na regalo ng Diyos ang mga bata sa kanilang mga magulang, at
3. masimulan na pag-usapan ang tungkol sa layunin ng Diyos para sa atin.

II. Konsepto: Si Jesus ang anak ng Diyos na ibinigay sa atin. Ating tinatanggap si Jesus na may kagalakan sa ating puso.

Mga Kagamitan: Ang Banal na Kasulatan, regalo na maganda ang balot, na nakasulat, "Bawat isa, mahal ang Diyos.", DVD player o radio (Kung mayroon)

III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

A. Panimulang Pananambahan

1. Oras ng pagtanggap: Batiin ang bawat isa na may ngiti at balikan ang nakaraang aralin.
2. Tingnan ang Liturhiya ng Pagdataal

B. Paghahanda

1. Maghanda ng ginupit na maliliit na piraso ng papel. Idikit ang mga leybel sa iba't-ibang bahagi ng silid: Ama at Anak na Lalake; Ina at Anak na Lalake; Ama at Anak na Babae; at Ina at Anak na Babae. Sabihin sa mga bata na humanda sa paglalaro, "Magulang at Anak". Magbigay ng mga pangalan at hayaang idikit ng mga bata sa kanilang dibdib. Utusan sila na hanapin ang kapareho at tumayo ng malapit sa tamang leybel. Panalo ang lahat ng mga bata na tama ang kapareho.
2. Itanong: Ano ang inyong naramdaman nang makita ninyo ang inyong kapareho? Batay sa laro, ano sa palagay ninyo ang nararamdaman ng mga magulang na kasama ang kanilang mga anak? Ano sa palagay ninyo ang nararamdaman ng anak sa kanilang mga magulang?

C. Panahon ng Pag-aaral

1. Bigkasin: "Ang Diyos, ang Ama na nagbigay ng kanyang anak na si Jesus sa atin bilang regalo. Isinilang siya bilang tao upang mamuhay kasama natin."
2. Sabihin sa klase na sabay-sabay na basahin ang Lukas 2:4-7.
3. Muling basahin ang teksto at muling isaayos ang mga larawan batay sa teksto (Tingnan ang activity sheet)
4. Tumawag ng ilang mag-aaral upang muling isalaysay ang kwento gamit ang mga nakahandang larawan.

D. Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan

Itanong ang mga sumusunod na katanungan:

1. Sino ang regalo ng Diyos sa atin? Bakit ninyo naisip/nasabi ito?
2. Dahilan sa puno na ang lahat ng panuluyan, saan itinuro ng tagapangasiwa ng panuluyan sina Jose at Maria upang magpalipas ng gabi? Paano ipinakita nina Jose at Maria ang kanilang kapakumbabaan? Sa inyong palagay, bakit hinayaan ng Diyos na isilang si Jesus sa sabsaban?

3. Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ni Jose pagkatapos na makita si Jesus ayon sa sinabi sa kanya ng anghel?
4. Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ni Maria pagkatapos na makita si Jesus ayon sa sinabi sa kanya ng anghel?
5. Katulad ni Jesus, sino ang regalo ng Diyos sa inyong mga magulang?
6. Ano sa palagaya ninyo ang naramdaman ng inyong mga magulang nang isilang kayo? Bakit?

E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia

Sabihin: " Sa tahanan, sino ang regalo ng Diyos sa mga magulang? (Mga anak)
Itanong: Sino ang regalo ng Diyos sa atin? Bakit ibinigay ng Diyos si Jesus sa atin?
Paano natin siya tatanggapin?

F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal

1. Ituro ang talatang sauluhin: WRITE ISAIAS 9:6
2. Itanong: "Ano sa inyong palagay ang layunin ng Diyos para sa atin?" Asahan ang mga kasagutan katulad ng mga sumusunod:
 - a. Layunin ng Diyos para sa atin ang magdala ng kasiyahan sa ating mga magulang
 - b. Layunin ng Diyos sa atin na ipakita ang pagmamahal sa iba.
 - c. Layunin ng Diyos sa atin na sundin at kalugdan ng Diyos.

Para sa ME

3. Sabihin sa klase na kumpletuhin ang talahanayan sa activity sheet.

Lugar	Ano ang nais ng Diyos na gawin ko bilang layunin ko sa buhay?
1. Sa bahay bilang nakatatanda o nakababatang kapatid	
2. Sa paaralan kasama ang aking katabi sa upuan. Kamag-aral at guro	
3. Sa klase sa Paaralang Lingguhan	
4. Sa panahon ng Banal na Hapunan	

4. Malikhaing Gawain: Manger Envelope Craft (http://www.daniellesplace.com/html/Bible_themes_Christmas.html)
 - a. Ihanda ang mga kagamitan: maiklin sobre, bond paper, construction paper, krayola, pandikit, gunting
 - b. Sabihin sa mga bata na gawin ang mga sumusunod:
 - 1) Gupitin ang itaas na bahagi ng sobre, mag-iwan ng pulgada sa gilid para maging border.

- 2) Gumupit ng mga piraso ng brown construction paper at idikit sa loob ng sobre.
- 3) Gumuhit, kulayan ang sanggol na si Jesus sa malinis na bond paper at idikit sa gitna ng sobre.
- 4) Kulayan ang natitirang bahagi ng sobre, lagyan ng disensyo.
- 5) Sa katapusan, gumupit at idikit ang istar at ilagay sa itaas ng sabsabang sobre
- c) Tanungin ang klase kung ano ang kanilang naramdaman sa kanilang ginawa.

Para sa OE

3. Sabihin sa klase na kumpletuhin ang table na nasa activity sheet.

Lugar	Ano ang nais ng Diyos na gawin ko bilang layunin ko sa buhay?
1. Sa bahay kapag may sinabi ang mga magulang ko na gawin	
2. Sa paaralan kasama ang aking katabi sa upuan, guro at iba pang opisyaes ng paaralan	
3. Sa klase sa Paaralang Lingguhan bilang lider o kasapi ng klase 4. Sa panahon ng Banal na Hapunan	
5. Sa pamayanan na may kahilingan na ayusin ang basura sa bahay	

- 4. Hayaang pag-aralan ng klase ang larawan na nasa activity sheet at sabihin kung paano tintanggap ng pamilya ang sanggol. At hilingan sila na isulat ang iba't-ibang pamamaraan ng pagtanggap sa bagong sanggol sa kanilang pamilya.
- 5. Malikhaing gawain. Popsicle Manger (www.whattoexpect.com/blogs/asstudentatmamauniversity/nativity-crafts-for-kids-popsicle-stick-nativity)
 - a. Ihanda ang mga kagamitan: popsicle sticks, acrylic paint, glu at pinara-pirasong straw.

- b. Sabihin sa kanila na gawin ang mga sumusunod:
- 1) Pinturahan ang 5 patpat (popsicle sticks) ng kulay-kape. Ito ang magiging balangkas ng sabsaban. Hayaang matuyong mabuti ang mga patpat. Pumutol ng 1/3 mula sa itaas ng 2 patpat. (ito ang magiging haligi ng sabsaban)
 - 2) Sunod, putulin ang isang patpat sa kalahati. Pinturahan ang isa bilang Maria at ang isa bilang si Jose. Tiyaking magkakarapan sila at nakayuko sa sabsaban.
 - 3) Putulin muli ang isang patpat sa tatlo. Pinturahan ng puti ang isang piraso bilang anghel. Gumupit ng gold pipe cleaner upang gawing kolar at halo, kung nanaisin.
 - 4) Putulin ang isang ikatlong bahagi ng maliit at pinturahan bilang sanggol na si Jesus.
 - 5) Kunin ang isang ikatlong bahagi at kulayan ito ng kulay-kape. Kapag tuyo na, putulin ito pahaba upang gumawa ng manipis na mga istik. Pagdikitin ito ng hugis pa-X upang gumawa ng sabsaban. Ilagay ang mga putol-putol na straw bilang mga tuyong damo. Ilagay ang ginupit na silbing sanggol na si Jesus sa sabsaban.
 - 6) Panghuli, buuin ang Popsicle Stick Nativity ng glue stick.
- c. Tanungin ang klase kung ano ang kanilang naramdaman sa kanilang ginawa.

G. Pangwakas na Pananambahan

1. Sabihin sa klase na bigkasin ang talatang sauluhin
2. Nilay Gawa: Tinatanggap ko ang pagdating ni Jesus na may kagalakan sa puso.
3. Paghahandog
4. Pangwakas na Awit: "O Come, All You Faithful " (HFJ #135)
5. Pangwakas na Panalangin: Panginoon, salamat ibinigay mo sa amin si Jesus. Salamat sa iyo, ipinakita mo sa amin si Jesus bilang tao katulad namin. Tulungan mo kami na gawin ang layunin mo para sa aming mga buhay. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aming panalangin, Amen.

Youth Level

II. Mga Layunin

Pagkatapos ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay inaasahan na:

1. ipahayag ang kanilang kaisipan kung paano nagdala ng kagalakan si Jesus nang siya ay isinilang.
2. suportrahan ang kaisipan na nagdala ng kagalakan si Jesus sa kanyang pagsilang bilang kaganapan ng propesiya, at
3. iugnay ang kagalakan ng kapanganakan sa layunin ng Diyos sa bawat bata.

II. **Konsepto:** Si Jesus ay isinilang upang magdala sa atin ng kagalakan

Mga Kagamitan: Banal na Kasulatan, imno, tsart ng awit, activity sheets, 4 na pangkat ng mga larawan at kahon

III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

A. *Panimulang Pananambahan*

1. Panahon ng pagtanggap
2. Tingnan ang Liturhiya ng Pagdatal

B. *Paghahanda*

1. Ihanda ang klase sa isang laro. I-grupo ang klase sa apat. Hayaan silang magbigay ng salita sa bawat pangkat ng larawan. Ang unang grupo na natapos ang siyang magpapakita ng kanilang sagot. Panalo ang mga grupong may tamang sagot. (kagalakan, kapayapaan, pananampalataya, pamilya)
2. Pagkatapos ng laro, tanungin ang mga kabataan
 - a. Paano ninyo sinagutan ang ating laro? Madali ba ito o mahirap?
 - b. Ano ang inyong nararamdaman kapag kasama mo ang iyong pamilya sa panahon ng kapaskuhan?
 - c. Ano ang larawan ng mundo kung may kapayapaan? Ano ang iyong mararamdaman?
 - d. Ano maaaring larawan kung may pananampalataya sa Diyos ang lahat ng tao?
 - e. Pagkatapos na makuha ang mga sagot, sabihin sa mga mag-aaral na nais ng Diyos na masaya at magalak tayo. Nagdala tayo ng kagalakan sa ating pamilya nang isinilang tayo, Nagdala rin ng kagalakan sa kanyang pamilya sa bayan ng Diyos si Jesus nang isilang siya. Ibinigay ng Diyos ang pinakamahalagang regalo upang maligtas tayo at maganap ang propesiya.

C. *Panahon ng Pag-aaral*

Anyayahan ang mga kabataan na umupo ng pabilog at ipalagay na nasa "story village" sila. Babasahin ng guro ang teksto mula sa Lukas 2:4-7 habang nakikinig ang mga mag-aaral. Pagkatapos, anyayahan ang mga estudyante na muling ikuwento sa sarili nilang kaparaanan at sa wikang komportable sila. Maaring magkakaiba ang pagkukuwento, ngunit ang mahalaga tama ang mga detalye.

4 Mula sa Nazareth, Galilea, si Jose'y pumunta sa Betlehem, Judea, ang bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya'y mula sa angkan at lahi ni David.

5 kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria na kanyang magiging asawa na noo'y kagampan.

6 Samantalang naroroon sila, dumating ang oras ng panganganak ni Maria

7 at isinilang niya ang kanyang panganay at ito'y lalaki. Binalot niya ng lampin

ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

Sample Version 1: Joseph who was in Nazareth travelled to Bethlehem, the town of his ancestor David. He brought along with him his pregnant soon-to-be wife to be registered. As they stay there, their baby was born. Mary wrapped their new born baby in cloth and put him in a manger. The couple stayed in the barn because all room was full.

Sample Version 2: Joseph was a descendant of David so went to Bethlehem to register. He brought Mary but she was already about to give birth at that time. The time came for Mary to give birth but they could not find a place to stay for the night so they went to a stable and she gave birth to a son.

D. Pagpapalalim ng Aralin/Oras ng Pagbabahaginan

Itanong ang mga sumusunod:

1. Saan nagpatala sina Jose at Maria? Ano ang nangyari sa kanila habang naglalakbay sila?
2. Ano ang nangyari ng dumating na sila sa kanilang patutunguhan?
3. Saan nanganak si Maria at bakit?
4. Ano sa palagay ninyo ang reaksiyon nina Jose at Maria sa pagsilang ni Jesus?

E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia

Itanong: "Ano ang gagampanang papel ni Jesus batay sa Isaias 9:6-7? Kung nabubuhay kas sa panahon ni Jesus sa ilalim ng kapangyarihan ng Emperyong Roma, ano ang iyong mararamdaman kung narinig mo ang balita na isinilang na ang "anak" na gagampan ng mga tungkuling ito?"

F. Pagsasagawa sa Katotohanang Biblikal

1. Ipakita ang talatang ito: "Sapagkat ipanganak ang isang sanggol na lalaki at siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan." (Isaias 9:6). Itanong sa klase kung ano ang naiisip sa mga sumusunod na pangalan na ibinigay kay Jesus:
 - a. Tagapayo
 - b. Makapangyarihang Diyos
 - c. Walang Hanggang Ama
 - d. Prinsipe ng Kapayapaan
2. Sabihin: Katulad ni Jesus na nagdala ng kagalakan sa kanyang pamilya at sa daigdig nang ipinanganak siya, nagdala rin tayo ng kagalakan sa ating pamilya nang isilang tayo. May layunin ang Diyos ng ibigay niya si Jesus sa atin. Itanong: "Ano ang maaring layunin ng Diyos na ibinigay sa iyo para sa iyong pamilya?" Hayaang isulat ng mga mag-aaral sa kanilang talaarawan ang kanilang naiisip.

G. Pangwakas na Pananambahan

1. Paghahandog
2. Pangwakas na Awit: "O Come, All You Faithful" (HFJ #135)
3. Pangwakas na Panalangin: "O Diyos ng lahat, nagpapasalamat kami sa iyo sa paghahanda ng aming mga puso sa pagtanggap kay Kristo na may pagbabago at puno ng kagalakan sa aming mga puso. Sa aming pamumuhay, lagi nawa naming maalaala na dumating si Jesus sa daigdig upang magdala sa amin ng kagalakan. Ito ang aming panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen."

Adult Level

I. Mga Layunin

Pagkatapos ng sesyon, inaasahan ang mga mag-aaral na:

1. maiugnay ang pagsilang ni Jesus sa plano ng Diyos para sa kaligtasan;
2. ipaliwanag ang kahulugan ng propesiya ni Isaias sa sanggol na ipanganganak sa atin; at
3. ituon sa pananampalataya sa tunay na dahilan ng pagdating ng Mesias.

II. **Konsepto:** Isinilang si Jesus upang iligtas tayo.

Mga Kagamitan: Banal na Kasulatan, imno, tsart ng awit

III. Mga Gawaing tungo sa Pagkatuto

A. *Panimulang Pananambahan*

1. Oras ng Pagtanggap
2. Tingnan ang Liturhiya ng Pagdatal

B. *Paghahanda*

Anyayahan ang klase na magbahagi ng mgabagay na kanilang ginagawa upang ipagdiwang ang Pasko bilang pamilya.

C. Panahon ng Pag-aaral

1. Sabihin sa klase na basahin ang Isaias 9:6-7 at Lucas 2:4-7
2. Talakayin ang kahulugan ng mga talata:
 - a. Isaias 9:6-7. May dalawang katangian ng Mesiyas ang propisiya ni Isaias, una, siya na ibinigay sa atin ng Diyos at ang isa, siya na isinilang bilang tao.
 - b. Lucas 2:4-7. Tala ng mga pangyayari ang mga talatang ito na may kaugnayan sa paglalakbay ni Jose at Maria sa Betlehem, at ang aktwal na pagsilang ni Jesus upang maganap ang propesiya.

D. *Pagpapalalim sa Aralin/Oras ng Pagbabahaginan*

Talakayin ang aralin sa pamamagitan ng mga katanungang ito:

1. Ano ang maaaring kahulugan ng propesiya ni Isaias na ipinanganak ang isang sanggol sa atin?
2. Bakit sa tingin ninyo isinilang ang Mesias ng Diyos bilang karaniwang tao at hindi bilang hari??
3. Paano ninyo iuugnay ang pagsilang ni Jesus sa plano ng Diyos na kaligtasan?

E. *Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

Itanong: "Ano ang ipinapahayag ng pagsilang ni Jesus? Anong mga pangyayari ang naganap sa paghahanda sa pagdating ni Kristo, ang ating Mesias? Paano natin inihahanda ang ating mga sarili sa pagtanggap ng ating Mesias?"

F. Pagsasagawa ng Katotohanang Biblikal

1. Pagpapakahulugan sa editorial cartoon. Ipakita ang editorial cartoon na nasa activity sheet. Sabihin sa klase na ibahagi ang kanilang kaisipan kaugnay sa pagdating ni Jesus.

- a. Papanong katulad ng mga tao sa panahon ngayon ang mga mahirap na tao sa panahon ni Jesus?
 - b. Paanong nakatutulong sa ganitong mga tao ang Mabuting Balita ni Jesus? Anong maaari nating gawin upang ipalaganap ang Mabuting Balita?
 - c. Nakakakita ka pa rin ba ng pag-asa sa ganitong uri ng kalalagayan? Ipaliwanag kung bakit o bakit hindi?
 - d. Saan at kanino mo nakikita ang pag-asa?
2. Itanong: Paano mo pinalalago ang iyong pananampalataya? Gumawa ng plano ng isasagawa mula sa mga sumusunod na kalalagayan:
- a. Magsisimula ang kampanyang pampulitikal anumang oras para sa Eleksyon 2016 sa Mayo. Bilang Iglesya, paano natin palalaguin ang ating pananampalataya sa panahong ito ng eleksyon?
 - b. Ang mga Lumads sa Mindanao na nakakaranas pa rin ng militarisasyon. Bilang isang kaanib ng konsilyo na malapit ang iglesya sa lugar, paano mo ipapakita ang iyong pananampalataya at tutugon sa mga pangangailangan ng Lumads?
3. Sinang-ayunan ng lokal na pamahalaan ang pagmimina sa inyong lugar ng mga banyagang kumpanya. Nangako sila ng karagdagang hanapbuhay sa lokal na mamamayann at magpapagawa rin ng kongkretong mga kalsada. Ngunit sa kabilang banda, magbubunga ang mga planong ito ng malawakang pagwasak sa kalikasan. Ano ang kolektibo o nagkakaisang aksyon ng inyong iglesya batay sa inyong pananampalataya?

H. Pangwakas na Pananambahan

1. Paghahandog
2. Pangwakas na Awit: "O Come, All You Faithful" (HFJ #135)
3. Pangwakas na Panalangin: "O Diyos ng lahat, nagpapasalamat kami sa paghahanda mo sa aming mga puso sa pagtanggap kay Kristo na nagpapanibago at lubos na kagalakan sa aming puso. Sa aming pamumuhay, lagi nawa naming maalaala na dumating si Jesus sa daigdig upang magdala sa amin ng kagalakan. Ito ang aming panalangin sa pangalan ni Jesus. Amen."